

9. Ugaliing magpalit-palit ng mga pananim (*crop rotation*) upang mapangalagaan ang lupa, makontrol ang peste at mga sakit.



Maaaring itanim sa unang taniman



Maaaring itanim sa pangalawang taniman

10. Panatiliing luntian ang hagdan-hagdang taniman.




**Paalala sa Paggawa ng SALT**

- Pumili ng tamang pananim na *hedgerow*
- Sunding mabuti ang mga hakbang sa paggawa ng tanimang SALT
- Panatilihin ang tamang pagitan sa bawat buhay na *hedgerow*

**Iba Pang Uri ng SALT System**

Simple Agro-Livestock Technology (SALT 2)	40% Livestock, 40% Food and Cash Crop, 20% Agro-Forestry
Sustainable Agro-Forest Land Technology (SALT 3)	75% Agro Forestry, 25% Livestock
Small Agro Fruit Livelihood Technology (SALT 4)	75% Fruit trees, 25% Food & Cash Crop
Food Always In The Home (FAITH)	100% Food & Cash Crop



Pinaghalawan ng larawan at teknolohiya:

- Agricultural technologies for marginal farming systems in Asia: Adoption and diffusion of SALT in the Philippines and SRI in India
- Training Module: National Training of Trainers on Sustainable Corn Production in Sloping Areas (SCoPSA)
- Mindanao Baptist Rural Life Center Foundation, Inc., Kinuskusan, Bansalan, Danao del Sur

Inilimbag sa Tagalog ng:



**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**  
Regional Training Center - MiMaRoPa  
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro



dcc\_mimaropa@ati.da.gov.ph



(02) 359-1967;  
0917-8432654; 0939-9166473




www.ati.da.gov.ph/ati-4b



@atimimaropa



**SLOPING  
AGRICULTURAL  
LAND  
TECHNOLOGY  
(SALT)**





## Ano ang SALT?

- Ang SALT o *Sloping Agricultural Land Technology* ay ang pinagsama-samang teknolohiya sa pangangalaga sa lupa at pagpaparami ng ani.
- Ito ay pag-aalaga ng ibat-ibang halaman at hayop.
- Isang pamamaraan ng pagtatanim ng permanente at pangmatagalang halaman na magkakasama;
- Nagbibigay ng sapat na pagkain at kita sa mga magsasaka sa buong taon.

## Layunin ng SALT

- Pagkontrol sa pagguho ng lupa
- Mapanatili ang taba ng lupa
- Mapataas ang produksyon
- Maibalik sa dati ang kalikasan

## Bumubuo ng SALT 1


- 75% *Food and Cash Crops*
- 25% *Forestry*

## Kabutihang Maiidulot ng SALT

- Sapat na pagsugpo sa pagka-agnas ng lupa
- Tumutulong na maibalik sa dati ang lupa
- Masinop na sistema sa pagpaparami ng pagkain
- Magagawa ng di bababa sa kalahati ng mga magsasaka sa kataasan (*upland*)
- Madaling gayahin o tularan gamit ang lokal na kakayahan
- Katanggap-tanggap sa lahat
- Nakatuon sa maliliit na mga magsasaka na pagkain ang pangunahing layunin
- Magagawa sa madaling panahon
- Mapagkakakitaan


## 10 Hakbang sa Paggawa ng SALT Farm

1. Gumawa ng "A"- frame at "T"-frame.




Paggawa ng A at T-Frame

2. Gamit ang A at T-Frame, hanapin ang *contour lines*.



Pagkuha ng contour line gamit ang A-Frame at T-Frame

3. Ihanda ang *contour lines* para sa pagtatanim ng *hedgerows*.



Paghahanda ng contour lines

4. Taniman ng mga legumbreng halaman o puno tulad ng ipil-ipil at kakawati ang inihandang *contour lines*.

### Katangian ng Pananim para sa Hedgerow

- Dapat ay legumbre
- Malalim umugat
- Matatag sa palagiang pagpuputol
- Madaling makapag-angkop
- Matatag sa mga peste at sakit
- Maraming dahon at sanga
- Maraming mapagagagmitan

### Iba't-Ibang Uri ng Hedgerow




flemengia

napier

ipil-ipil


madre de agua

5. Bungkalin ng salitan ang bawat digla hanggang mabuo ang *hedgerow*.



Ikalimang hakbang

6. Magtanim ng pangmatagalang halaman isa sa bawat tatlong digla.



Ika-anim na hakbang

7. Magtanim ng madaling anihing halaman tulad ng mais, gulay at iba pa.



Tanim na mais at gulay

8. Palaging putulan ang mga *hedgerows* upang magkaroon ng sapat na sikat ng araw ang mga pangunahing tanim. Panatilihin ang taas ng 1 - 1.5 metro).

